# FABalita
OPISYAL NA BUWANANG PAHAYAGAN NG AUTHORITY OF THE FREEPORT AREA OF BATAAN

freeportareaofbataan | freeportareaofbataan | info@afab.gov.ph | #WEareFAB


"Dakilain natin ang mga kababaihan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pantay na oportunidad sa pag-unlad ng kanilang sarili at pamilya"

## AFAB, aktibong nilahukan ang National Women's Month

Espesyal ang naging selebrasyon ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) sa taunang pagdaraos nito ng Pambansang Buwan ng Kababaihan na layuning bigyan ng pagkilala, pagpapahalaga at pagpupugay ang mahalagang gampanin ng mga kababaihan sa lipunan.

Umarangkada sa unang araw ng buwanang pagdiriwang ang "Parada Para Kay Juana" motorcade kung saan higit 100 indibidwal ang nagpakita ng kanilang suporta kabilang ang mga kinatawan ng AFAB, mga FAB Registered Enterprises, at ilang riders at bikers ng Mariveles.

Nagsagawa rin ang AFAB ng espesyal na flag raising ceremony noong 07 Marso 2022 kung saan bahagi ng programa ang pagpaparangal sa mga frontliners ng AFAB para sa kanilang serbisyo noong 2021 kabilang na ang mga kababaihan.

Noong 11 Marso, idinaos naman ang "WoMentality Quiz Bee" na nagpalalim sa kaalaman ng mga lumahok tungkol sa gender and development at "Juana Know Bingo" na naglayong mas makilala ng bawat empleyado ang mga kababaihan ng AFAB. Tampok din sa parehong araw ang pagsasagawa ng "Thank You Campaign" kung saan espesyal at personal na pasasalamat sa pamamagitan ng liham ang naipaabot sa mga kababaihan ng nasabing Ahensya.



BABAE KA! Naging matagumpay ang taunang pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Kababaihan na pinangunahan ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) sa Freeport Area of Bataan (FAB). ■

Samantala, libreng almusal at magiliw na pagbati ang ipinamahagi ng Ahensya sa "FABreakfast ni Juana" para sa higit 7,000 na manggagawa sa iba't-ibang bahagi ng zone noong 25 Marso 2022. Binisita rin ng AFAB ang mga nagpapasusong ina o breastfeeding mothers mula sa Barangay Maligaya at Malaya upang handugan sila ng mga bitamina. regalo, at kaalaman sa programang, "Gatas ni Juana, Mahalaga" kung saan pinangunahan ni AFAB Public Health Consultant Dr. Noel Bernardo ang talakayan tungkol sa kanilang kalagayan at kalusugan.

Bilang pagtatapos sa buwanang selebrasyon, tinutukan naman ng AFAB ang usapin ng pagpaplano ng pamilya at maagang pagbubuntis katulong ang Provincial Population Office (PPO) sa isinagawa nitong Gender and Development (GAD) Congress na pinamagatang 'Juana INA Hurry' noong 31 Marso 2022. Higit 100 estudyante at guro mula sa iba't-ibang paaralan sa bayan ng Mariveles ang lumahok sa nasabing talakayan. ■

## AFAB, ISO Certified pa rin!




Nananatiling matatag ang Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) sa mandato nitong pamahalaan at paunlarin ang Freeport Area of Bataan (FAB) sa pamamagitan ng patuloy na pagbibigay ng de-kalidad na serbisyo at mabilis na proseso sa mga mamumuhunan, manggagawa, at residente sa nasabing ecozone.

Ito ang ipinahayag ni AFAB Administrator Emmanuel D. Pineda matapos iulat ng mga auditor mula sa TÜV Rheinland Philippines, Inc. ang matagumpay na surveillance audit ng Ahensya para sa ISO 9001:2015 noong 09 Marso 2022.

Patunay ito na sumusunod ang AFAB sa pandaigdigang pamantayan para sa quality management system nito na nakabatay sa tuloy-tuloy na pagpapabuti sa mga sistema upang matiyak na mataas na kalidad lamang ng serbisyo o produkto ang naihahatid ng AFAB sa mga kliyente nito. ■

# AFAB, matagumpay ang pag-usad sa layuning maging isang offshore digital financial center

Nagpatuloy ayon sa plano at naging matagumpay ang negosasyon ng AFAB sa SpaceX sa pangunguna nina AFAB Chairman Pablo M. Gancayco at Administrator Emmanuel D. Pineda, SpaceX Senior Manager for Government Affairs Rebecca Hunter, at Starlink Market Access Director Ryan Goodnight noong 30 Marso 2022. Dumalo rin sa pagpupulong sina Bataan Governor Albert Garcia, Bataan 2nd District Representative Jose Enrique Garcia III, AFAB Deputy Administrator for Operations Alewijn Aidan Ong, AFAB Corporate Affairs Technical Officer Paul Robert Salapantan, iWave President at CEO Ramon Garcia Jr., at iWAR President and CEO Marco Antonio.



Nakipagpulong sina Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) sa Chairman Pablo M. Gancayco at Administrator Emmanuel D. Pineda at mga opisyal ng Provincial Government of Bataan (PGB) kina SpaceX Senior Manager for Government Affairs Rebecca Hunter, at Starlink Market Access Director Ryan Goodnight. ■

Agad itong naisagawa matapos maipasa ng AFAB Board of Directors ang resolusyon na nagpapahintulot kay AFAB Administrator Emmanuel D. Pineda na makipagnegosasyon sa SpaceX/Starlink upang magpatakbo ng satellite-based internet system sa Freeport.

Itinuon ng mga opisyal ang pagtalakay sa mahalagang gampanin ng connectivity sa pagsasakatuparan ng mga plano ng lalawigan ng Bataan at ng Freeport Area of Bataan (FAB) sa malapit na hinaharap. Sinasabing isang game changer para sa pagpapabuti ng koneksyon at pagpapasigla ng pag-unlad sa mga rural na lugar ng Pilipinas ang mababang latency high speed satellite service ng SpaceX.

Dahil sa pagnanais na maging kauna-unahang sentro ng operasyon ng Starlink Low Earth Orbit (LEO) Satellite Internet sa Pilipinas, ipinakita ng AFAB sa SpaceX ang historical performance ng FAB na naging daan upang maging freeport ito na may pinakamabilis na pag-unlad sa bansa.

Malaking bagay sa naging pagpupulong ang pagkakapasa ng Republic Act (RA) No. 11659 or "An Act Amending Commonwealth Act No. 146 otherwise known as the Public Service Act" na nagbibigay ng pahintulot sa mga dayuhang mamumuhunan na direktang magmay-ari ng iba't ibang industriya sa bansa, gayundin ang RA 11453 na nagpalawak sa kapasidad ng AFAB na mag-apruba, mag-rehistro, mag-lisensya, at mangasiwa ng mga lokal at dayuhang negosyo sa ilalim ng mga makabagong industriya gaya ng artificial intelligence/ technology, blockchain, business process outsourcing (BPO), cyber security, distributed ledger technology, financial technology solutions, internet of things, virtual reality, at smart cities. ■

# Ligtas na balik-eskwela sa pamamagitan ng pagpapabakuna, isinusulong sa FAB

Personal na dinalaw ng mga doktor sa 1Bataan FABakuna Center (1Bataan FABCen) ang dalawang paaralan sa Freeport Area of Bataan (FAB) para sa pagpapaigtng ng kampanyang pagbabakuna kontra COVID-19 sa mga estudyante edad 5-11.



Isinagawa ang information campaign ukol sa pagbabakuna kontra COVID-19 sa mga kabataan na dinaluhan ng mga guro at magulang mula sa BEPZ Elementary School at Renato L. Cayetano Memorial School. ■

Sa pangunguna nina Dr. Hector Santos, Dr. Kristel Joy Luneta, at Charlene Versoza, malalim na ipinaliwanag sa mga guro ng BEPZ Elementary School at Renato L. Cayetano Memorial School ang mga pangunahin at mahalagang impormasyon tungkol sa pagbabakuna sa mga kabataan.

Layunin ng kampanyang ito na mabigyan ng tamang impormasyon ang mga guro at magulang upang alisin ang kanilang mga pangamba at mahikayat silang tangkilikin ang bakuna bilang paghahanda sa unti-unting pagbabalik ng face-to-face classes sa bansa. ■

## FAB BITS



Boluntaryong lumahok ang mga empleyado ng Freeport Area of Bataan (FAB) sa Blood Donation Drive na isinagawa noong 04 Marso 2022 sa bagong Mariveles District Hospital - Temporary Treatment and Monitoring Facility (MDH-TTMF) sa FAB, Mariveles, Bataan.

Kasama ang AFAB sa mga naging katuwang ng Mariveles Centennial Host Lions Club sa pagsasagawa ng gawain. Katuwang din ang Philippine Red Cross (PRC) - Bataan Chapter, MDH, at Freeport Area of Bataan Investors and Locators Association (FABILA). ■



Magkasamang binisita si Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Administrator Emmanuel D. Pineda ng mga kinatawan ng Pietrucha Mfg. (Philippines), Inc. na sina outgoing Managing Director Robert Kurowski at bagong Managing Director Anna Kretkowska noong 01 Marso 2022. ■



Sumailalim ang 19 na kawani ng AFAB Public Health Unit (PHU) at Public Safety and Security Department (PSSD) sa isinagawang "Occupational First Aid and Basic Life Support – Cardiopulmonary Resuscitation (CPR) with Automated External Defibrillation (AED) Operation" Training ng Philippine Red Cross (PRC) noong Marso 15-18, 2022. ■




Dinaluhan ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) at ng mga kinatawan ng mga kompanya sa Freeport, ang ginanap na "Wage Forum for Employers" noong 28 Marso 2022 na pinangunahan ng DOLE at Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB) kung saan tinalakay ang posibilidad ng pagtaas ng minimum wage sa gitna ng kabi-kabilang pagtaas ng mga presyo ng langis at bilihin. ■